*MODULE 6.2*

CURRICULUM AND INSTRUCTION:
ANG PAGTUTURO NG FILIPINO

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

*Teacher Induction Program*

Teacher Education Council, Department of Education

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

Ngayon naman ay alamin natin ang naging pag-unlad ng iyong kaalaman hinggil sa nilalaman at paraan ng pagtuturo ng wika. Sagutin mo ang mga katanungan sa ibaba.

1. Ano ang dalawang paraan ng paghahatid at pagtanggap ng mensahe sa proseso ng paggamit ng wika?

   a. ________________________________________________

   b. ________________________________________________

2. Ipaliwanag sa maikling pangungusap kung paano mo magagamit, bilang guro, ang mga sumusunod na salik sa pagtuturo ng wikang Filipino:

   a. Mag-aaral ________________________________________

   b. Guro ____________________________________________

   c. Materyal _________________________________________

   d. Istratehiya ________________________________________

   e. Pagtaya __________________________________________

3-4. Kilalanin kung tradisyunal o kontemporaryong kasanayang komunikatibo ang nakatalang pamamaraan ng pagtuturo. Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

3. Pagbibigay ng maraming halimbawa ng paggamit ng istruktura sa wika at pagbubuo ng paglalahat batay sa mga halimbawa.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Pagbibigay ng mga suliraning nagaganap sa kapaligiran at pagsasadula ng sitwasyong magpapakita ng kalutasan.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

5. Ginagamit na tekstong babasahin sa mga klaseng pangwika ngayon ang mga awtentikong babasahin sa dyaryo, magasin, e-mail, text at patalastas. Ipaliwanag ang kaugnayan nito sa Kasanayang Pangwikang Akademik o CALP.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

6. Itala ang tatlong komponent ng inihahandang layuning pampagtuturo sa araw-araw.

   a. ___________ b. ____________ c. _____________

7-8. Magtala ng mga gawaing maaaring isagawa sa mga sumusunod na bahagi ng pang-araw-araw na aralin sa Filipino.

7. Bahaging Nagbibigay-lunas ___________________________________

8. Bahaging Naghahanda ________________________________________

9-12. Kilalanin ang makrong kasanayang kinabibilangan ng mga sumusunod na layuning matatagpuan sa Talaan ng mga ekspektasyon sa pagtuturo.

9. Napagtutulad at napag-iiba ang kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa

10. Nakagagamit nang mabisa ng mga salitang naglalarawan

11. Nakikilala ang kaisipang narinig batay sa sanhi o bunga

12. Nakasusulat ng anekdota ng ibang tao

13-16. Naririto ang ilang katanungan hinggil sa mga istratehiyang pampagtuturo. Isulat ang titik ng tamang kasagutan.

13. Sa yugtong ito ng Proseso ng Pagsulat o Process Writing, muling ipinababasa ang sinulat ng mag-aaral sa sarili, kapwa mag-aaral o kagrupo upang bigyan ng puna at kaukulang pagbabago.

    a. Panimula

    b. Burador

    c. Rebisyon

    d. Pag-edit

    e. Paglalathala

14. Alin sa mga sumusunod na hakbang ang hindi kabilang sa istratehiyang ANNA o KWL?

    a. Pagtatala ng mga Nabatid o Natutuhan

    b. Pagtatala ng mga Tanong na Nais Sagutin sa Babasahin

    c. Pagsagot ng Mapanuring Tanong sa Binasa

    d. Pag-alam ng mga Kasagutan sa mga Tanong

15. Ang mga kasanayan sa pagtanggap at paggawa ng tawag sa telepono, pakikipag-usap sa iba't ibang kontekstong sosyal at pagpapahayag ng saloobin at opinyon ay kabilang sa aling istratehiya ng pagtuturo ng wika?

    a. Pagtuturong Batay sa Nilalaman

    b. Batayang Interpersonal na Komunikasyon

    c. KWL o ANNA

    d. Ugnayang Tanong Sagot

16. Ang grapikong pantulong na magagamit sa paglalahad ng ugnayan ng mga pangyayari sa isang siklo o hakbang sa isang pangkalahatang proseso ay ______________________.

    a. Sapot Talakayan

b. Venn Dayagram

c. Sayklikal na Tsart

d. Hirarkikal na Dayagram

17-18. Isulat ang A kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Ebalwasyon at B kung ito ay Pagtataya.

17. Pagbibigay ng marka upang maipakita ang lebel o antas ng pag-unlad ng mag-aaral.

18. Pagsasagawa ng mga gawain upang makakuha ng impormasyon sa pagpapabuti ng proseso ng pagkatuto.

19. Ano ang unang nararapat ihanda upang maging higit na mabisa ang paghahanda ng Pagsusulit na Pasulat?
    a. Mga Nakaraang Banghay-Aralin
    b. Aytem Bank
    c. Talaan ng Ispesipikasyon
    d. Mga Sangguniang Aklat

20. Isulat ang titik ng mga alternatibo o awtentikong pantaya.
    a. Dyornal
    b. Pagpupuno ng Sagot
    c. Rubrik
    d. Portfolyo

Ihambing ang iyong mga sagot sa Susi ng Pagwawasto na nasa hiwalay na buklet. Ano ang iyong iskor? Saang mga aytem ka nagkamali? Ihambing ang iyong iskor sa iskor ng Panimulang Pagsusulit. Umunlad ka ba?

Inaasahang makatutulong ang kinalabasan ng Pangwakas na Pantaya upang mabatid mo ang iyong kagalingan at ilan pa sa mga kahinaan. Mag-aral ka pa sa mga aytem na may kamalian upang mapaunlad ang iyong kaalaman.

Muli, binabati kita sa pagtatapos mo ng modyul na ito . Inaasahan ko ang iyong pananagumpay bilang bagong guro at sa pagiging kabahagi ko sa iyong tagumpay!